# IWASAN ANG PANANAKOT SA INTERNET

## KUNG IKAW AY ESTUDYANTE . . .

- Huwag sumagot kapag may taong nananakot sa iyo o sa iyong mga kaibigan sa internet - ipaalam sa iyong mga magulang, sa isang tao sa paaralan na nasa edad, o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo.
- Ipaalam sa isang taong nasa edad na nakakatanggap ka ng mga mensaheng nakakaasiwa sa iyo, malulupit, o ginagawa upang saktan ka o ang iba pang tao.
- Huwag ibahagi ang anumang impormasyon sa internet na maaaring magdulot ng kahihiyan.
- Huwag ibahagi ang anumang personal na impormasyon, gaya ng iyong pangalan, edad, tirahan, o numero ng telepono.

## KUNG KAYO AY ISANG MAGULANG . . .

- I-save o iprinta ang mga di-kanais-nais na mensahe at larawan na ibinabahagi ng inyong anak sa inyo - ebidensya ang mga ito at mahahalaga sa anumang hakbang na gagawin ninyo sa hinaharap.
- Makipag-ugnayan sa inyong Internet service provider at maghain ng reklamo kung nakakatanggap kayo ng mga mensahe o imahe na sa palagay ninyo ay lumabag sa Mga Patakaran at Kondisyon sa inyong kontrata.
- Makipag-ugnayan sa paaralan kung ang inyong anak ay tinatakot, ginigipit, o binabantaan sa internet ng ibang estudyante.
- Kung ang inyong anak ay inaakusahan ng pananakot gamit ang internet, humiling ng tulong mula sa inyong Internet provider, paaralan, at, kung ipinahiwatig, sa isang propesyonal na pagpapayo.
- Makipag-ugnayan sa pulisya kung nakakatanggap ang inyong anak ng marahas na pagbabanta o pornograpiya sa internet.
- Makipag-ugnayan sa pulisya kung nakatatanggap ang inyong anak ng malalaswa o nanggigipit na mga tawag sa telepono o mga mensahe sa text.
- Ang lahat ng paaralan sa Washington ay inuutusan ng batas na magkaroon ng patakaran sa cyberbullying o pananakot sa internet - maging kabisado sa patakaran sa inyong paaralan.
- Ikunsidera ang paggamit ng mga panala na humahadlang sa mga di-kanais-nais na Internet sites.

## NAKAKATULONG NA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON SA INTERNET

- http://www.netsmartz.org
- http://www.ncpc.org/cyberbullying
- http://www.isafe.org
- http://wiredsafety.org
- http://www.GetNetWise.org
- http://safely.yahoo.com
- http://www.theinternetandyourchild.org

### MGA IMPORMASYON PARA SA LIGTAS NA PAGSU-SURFING

# CYBER KALIGTASAN



### GABAY SA MGA MAGULANG AT TIN-EDYER

Inihahanda ng:
Office of Superintendent of Public Instruction
Washington State School Safety Center
**http://www.k12.wa.us/SafetyCenter/**
Tagalog

# MAGING MAUTAK

## MGA IMPORMASYON PARA SA MGA TIN-EDYER

PANANATILING LIGTAS SA INTERNET

Ang internet ay maaaring isang napakahusay na kasangkapan sa pananaliksik at isang masayang paraan na makipag-ugnayan sa mga kaibigan at pamilya. Ngunit ang pag-i-internet ay nagbibigay rin ng ilang posibleng panganib na kailangan ninyong malaman. Ito ang ilan sa mga paraan na makaiwas sa panganib habang gumagamit sa Web.

### WALANG BAGAY NA PRIBADO

- Isipin kung ano ang iyong tinitipa. Kailanman ay huwag ipadala sa internet ang iyong personal na impormasyon, gaya ng pangalan, tirahan, numero ng telepono, mga litrato, o pangalan ng iyong paaralan.
- Maipapadala ang email sa isang klik lang ng mouse. Alalahanin na ang anumang impormasyon na ipinapadala mo kaninuman ay maipapadala nang napakabilis sa ibang tao.

### MAGING MAUTAK

- Kailanman ay huwag magplano na makipagkita nang personal sa isang "kaibigan" sa internet na hindi muna magpapaalam sa iyong magulang/tagapag-alaga. Kung PAYAG sa ideya ang iyong magulang/tagapag-alaga, dalhin siya at makipagkita sa isang pampublikong lugar.
- Alalahanin, gaano man ka palakaibigan ang isang tao sa internet, maaaring taliwas sila sa totoong buhay.
- Ang iyong gawain sa internet ay iyong responsibilidad. Huwag kang manggigipit o mananakot, at huwag sumagot kapag may taong sumusubok na makikipag-away sa internet.

### KAILAN SABIHIN

- Kung makakatagpo ka ng tao o bagay sa internet na nakakaasiwa sa iyo, sabihin kaagad sa isang pinagkakatiwalaang tao na nasa edad! Maaaring tingnan ng taong nasa edad ang impormasyon sa monitor at magpasya kung mag-ulat sa opisyal na nagpapatupad ng batas.
- Nangyayari ang "grooming" kapag nag-i-internet ang isang taong nasa edad upang makakilala ng mga kabataan, na may intensyong bumuo ng di-kanais-nais na relasyon. Kung magsususpetsa ka na ikaw o isang tao na kilala mo ay target ng grooming, sabihin kaagad sa isang pinagkakatiwalaang taong nasa edad.
- Kung may bagay kang nakikita sa internet na parang "hindi kapani-paniwala," posible nga ito.
- Kung makatatanggap ka ng anumang alok na kabilang ang pakikipagtagpo, pagbisita ng isang tao sa pamamahay ninyo, o pagpapadala ng pera o impormasyon sa credit card, sabihin kaagad sa iyong magulang o tagapag-alaga.

# MAGING LIGTAS

## MGA IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG

MGA GABAY PARA SA KALIGTASAN NG PAMILYA SA INTERNET

Isa sa limang tin-edyer ang inaakit na makipagtalik sa internet bawat taon. May mga tiyak na bagay kayong magagawa upang maingatan ang inyong mga sariling tin-edyer. Magsimula sa pagiging kasangkot! Bigyan ng kaalaman ang sarili kung paano gagamitin ang internet at matyagan ang paggamit ng inyong anak sa computer.

### MAGTURO

- Gumawa ng nakasulat na palatuntunan para sa kaligtasan sa Internet. Magtakda ng mga alituntunin sa paggamit ng Internet at e-mail. Isama ang mga tiyak na pamamaraan kung ano ang gagawin ng inyong tin-edyer kung sila ay hinihimok na makipagtalik sa internet, o kung sila ay natatakot sa isang pagtatagpo sa internet. Pirmahan ang palatuntunan at ipaskil malapit sa computer.
- Paalalahanan ang inyong tin-edyer na hindi isiwalat ang anumang personal na impormasyon sa internet.
- Gumawa ng listahan kasama ang hindi dapat ibahagi, kabilang ang pangalan, edad, paaralan, numero ng telepono, address ng tahanan, at mga litrato.
- Palaging kausapin ang inyong tin-edyer. Pag-usapan ang kanilang mga kaibigan sa internet gaya ng nag-uusap kayo tungkol sa kanilang ibang mga kaibigan.

### SUMUBAYBAY

- Ilagay ang computer sa panlahat na bahagi ng bahay. Mas mapadali nito ang pagsubaybay sa paggamit ng computer.
- Sabihin sa inyong tin-edyer na ipaalam kaagad sa inyo ang tungkol sa anumang nakakaasiwang karanasan sa internet, na may paniniyak na hindi kayo magagalit kapag magtitiwala siya sa inyo.
- Ikunsiderang bumili ng software na nagsasala at sumusubaybay. Habang tinutulungan nila kayong pangasiwaan ang paggamit ng inyong tin-edyer sa internet, ang mga kasangkapang ito ay hindi kapalit ng pagiging sangkot at pangangasiwa ng magulang.
- Maging may-alam. Maaaring gumagamit ang inyong tin-edyer ng computer sa paaralan, sa mga pampublikong aklatan, at sa tahanan ng mga kaibigan.

### MAG-ULAT

- Alamin ang mga senyales ng "grooming." Kapag may isang tao na nagpasimuno ng pakikipag-ugnayan sa internet sa isang kabataan, na may intensyong bumuo ng sekswal na relasyon, tinatawag itong "grooming" o "intensyonal na pakikipag-kaibigan bilang paghahanda sa sekswal na pangangabuso."
- Kung nagsususpetsa kayo ng "grooming" sa internet ng inyong tin-edyer o sino pa mang ibang bata, iulat kaagad ito sa inyong lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas.